

# Gabay ng TAGA-EMPLEYO sa Ordinansa ng San Francisco ukol sa May Bayad na Pagliban ng Magulang (Paid Parental Leave)

## Hakbang #1

### Magbigay ng Paunawa sa mga Empleyado

Ipaskil ang Paunawa na ginawa ng OLSE.

Isama sa handbook ng empleyado ang paglalarawan ng karapatan sa Supplemental Compensation sa ilalim ng SF Paid Parental Leave Ordinance (PPLO).

## Hakbang #2

### Bigyan ang Empleyado ng SF Paid Parental Leave Form (SF PPL Form)

Makukuha sa www.sf.gov/olse-pplo

Magbigay ng kopya kapag nagtanong ang empleyado tungkol sa pagliban ng magulang o nagsabi sa iyo na magkakaroon siya ng bagong silang na anak, ampon o foster child. Inirerekomenda ring ibigay ito sa lahat ng bagong empleyado.

## Hakbang #3

### Tukuyin ang Pagiging Karapat-dapat ng Empleyado

Karapat-dapat ang empleyado kung siya ay: (1) nagsimulang nagtrabaho para sa iyo nang hindi bababa sa 180 araw bago ng panahon ng pagliban; (2) nagtatrabaho sa San Francisco nang hindi bababa sa 8 oras kada linggo at 40% ng kabuuang lingguhang oras; (3) nakapag-aplay na at karapat-dapat para sa CA Paid Family Leave (PFL).

## Hakbang #4

### Kalkulahin & Magbayad ng Supplemental Compensation

Kakailanganin mo ang halaga ng Normal na Lingguhang Sahod at Lingguhang Benepisyo ng EDD para sa empleyado. Ang impormasyong ito ay dapat nasa SF PPL Form at EDD Notice of Computation, na natatanggap ng empleyado mula sa EDD.

Ang mga tagubilin sa pagkalkula ay makukuha sa website ng OLSE.

**Tandaan na Magtago ng mga Rekord at Bawal ang Pagganti sa Ilalim ng Ordinansa**

Mangyaring kontakin ang Office of Labor Standards Enforcement sa pplo@sfgov.org o sa (415)554-4190 para sa anumang karagdagang katanungan o bumisita sa www.sf.gov/olse-pplo